SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG HULYO 28, 2025, LUNES, IKA-09:27 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jericho V. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad- nasa bakasyon |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED Date: 15 SEP 2025 Santa Cruz, Laguna

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RELEASED Date: 15 SEP 2025 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 225- T2025**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 06-T2025/KAUTUSANG BARANGAY BLG. 02-T2025 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG JASAAN NA NAG-SASAAYOS NG BOUNDARIES NG BAWAT SITIO AT ANG PAGLALAGAY NG PANGALAN NG MGA STREET O KALYE SA NASASAKUPAN NITO.**

**Sponsor : HON. ESMERALDO C. DE LAS ARMAS, JR.**

**SAPAGKAT**, ang barangay ang pangunahing yunit politikal na bumalangkas at nagsasakatuparan ng mga patakaran, plano, programa, proyekto at mga gawain sa nasasakupang komunidad;

**SAPAGKAT**, sa kasalukuyan ay wala pang pangalan ang mga kalye sa Barangay Jasaan at ito ay napapanahon na upang malagyan na ng pangalan;

**SAPAGKAT,** kinikilala ng Sangguniang Barangay Jasaan ang pangangailangan ng isang matatag at sistematikong pamamaraan sa pagbibigay ng pangalan ng kalye at pag-sasaayos ng boundaries ng bawat sitio sa loob ng barangay upang matiyak ang wastong pagkakakilanlan at sistema ng address at upang mapabilis ang pagtukoy ng lugar sa barangay.

**SAPAGKAT**, mahalagang isaalang-alang ang makasaysayan, kultural, at komunidad na kahalagahan sa pagpili ng mga pangalan ng kalye;

**SAPAGKAT**, ang mga napiling pangalan ng street o kalye ay hango sa matatalim na bagay na inihahasa sa "hasaan" na may kaugnayan sa pangalan at kasaysayan ng Barangay Jasaan;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. (Tagapamuno ng Lupon sa Kautusan at Batas), na pinangalawahan nina Kgg. Norman T. Tolentino at Kgg. Roselon F. Pamatmat at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASYAHANG:** Pagtibayin ang sumusunod:

**KAUTUSAN BLG. 007-T2025**

**KAUTUSANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 06-T2025/KAUTUSANG BARANGAY BLG. 02-T2025 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG JASAAN NA NAG-SASAAYOS NG BOUNDARIES NG BAWAT SITIO AT ANG PAGLALAGAY NG PANGALAN NG MGA STREET O KALYE SA NASASAKUPAN NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SEKSYON 1** – Isaayos ang boundaries ng bawat Sitio at ang paglalagay ng pangalan ng mga street o kalye ng Barangay Jasaan gaya ng sumusunod:

| Sitio | Pangalan ng Street o Kalye |
|---|---|
| 1 | Apalit |
| 2 | Balarao |
| 3 | Balisong |
| 3 | Bolo |

KGG. ROSELON F. PAMATMAT Kagawad

KGG. JERICHO V. ASINAS Kagawad

KGG. NORMAN T. TOLENTINO Kagawad

KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN Kagawad

KGG. ESMERALDO C. DE LAS ARMAS, JR. Kagawad

KGG. RIZALDY N. KALAW Kagawad

KGG. LOUIE C. DE LEON Kagawad

KGG. LAURA P. OBLIGACION ABC Federation President

KGG. MARK ANTHONY M. JUANGCO SK Federation President

| | |
|---|---|
| 3 | Dahong-Palay |
| 3 | Dulos |
| 3 | Gulok |
| 3 | Itak |
| 3 | Kampilan |
| 4 | Karit |
| 4 | Katana |
| 4 | Kutsilyo |
| 4 | Lagare |
| 5 | Pait |
| 5 | Palakol |
| 5 | Panabas |
| 5 | Punyal |
| 5 | Tabak |
| 6 | No Existing Street |
| 7 | No Existing Street |

**SEKSYON 2** – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

**INIUUTOS:** na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan Joseph Kris Benjamin B. Agarao, Pambayang Administrador, Pambayang Tagatasa, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Pambayang Inhinyero, Sangguniang Barangay ng Jasaan, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Hulyo 28, 2025**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**AMYCAR O. SANTOS**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. JOSEPH KRIS BENJAMIN B. AGARAO**
Punong Bayan

LAM/cel 25